PAANO KUMUHA NG KASAYSAYAN NG MENTAL HEALTH (PANGKAISIPANG KALUSUGAN) O MEDIKAL NA KASAYSAYAN NG ISANG INMATE IMPORMASYON SA MGA BILANGGUAN NG LOS ANGELES COUNTY

Kung mayroon kang kapamilya na may mental illness (sakit sa utak) at na nasa bilangguan, ang website ng Sheriff sa http://www.lasd.org/lasd_services/correctional/mental_illness.html ay maaaring magbigay ng mahalagang impormasyon. Kung nais mong bigyan ang tauhan ng mental health at medikal na tauhan sa bilangguan ng impormasyon tungkol sa kalusugan ng kapamilya, klikan ang **Inmate Medication Information Form** (Pormularyo ng Impormasyon sa Gamot ng Inmate) na link sa web page na ito. I-print, kumpletohin, at i-fax tulad ng nakasulat sa ibaba. Masasabi ng pormularyong ito sa mga tauhan na alamin ang mga pangkalusugang pangangailangan ng inmate.

Kung wala kang kopya ng pormularyo, maaari mong ihanda ang iyong sariling kahilingan para sa screening. Ang iyong kahilingan para sa screening ay dapat gawin kaagad at dapat mayroong sumusunod na impormasyon. Ilagay sa simula ng fax ang:

1. Buong legal na pangalan ng inmate
2. Petsa ng kapanganakan
3. Booking Number
4. Kinaroroonan ng bilangguan
5. Ang matatawagan sa pamilya (telepono, email, atbp.)

Para sa mga inmate na may mga problema sa mental health, isama ang sumusunod na impormasyon:

- Ang kanyang diyagnosis;
- Ang pangalan, numero ng telepono at address ng kanyang psychiatrist;
- Mga gamot na inireseta para sa tao; ilagay ang pangalan ng gamit, dosis, at kung kailan dapat ibigay ang gamot;
- Kung ang isang partikular na gamot ay napatunayang hindi mabisa o delikado at/o ang masasamang epekto;
- Kasaysayan ng kilos na mapanganib sa sarili/mapanganib sa iba sa nakaraan lamang na panahon. Ilarawan nang kaunti ang mga pangyayari at kung kailan sila nangyari; at
- Kung uminom ng gamot bilang kondisyon ng parole at, kung ganoon, ang pangalan ng parole officer at kung paano siya matatawagan.

Dapat magsagawa ang tauhan ng Mental Health sa bilangguan ng kanilang sariling pagtatasa sa kondisyon ng tao at maaaring hindi nila ireseta ang parehong mga gamot.

Para sa inmates na may dapat bantayang medikal na kondisyon, tulad ng diyabetis, mataas na presyon, seizures, mga problema sa puso, atbp, na kasalukuyang niresetahan ng mga gamot para sa mga ganoong kondisyon, isama ang pangalan, address, at telepono ng doktor para mapatunayan ito.

Ang mga fax ay maaaring ipadala 24 oras bawat araw, pitong araw bawat linggo.

Mga Fax ng Jail Mental Health Service:
Fax para sa mga Lalaki: 213-972-4002 Fax para sa mga Babae: 323-568-4678

Fax ng Sheriff's Medical Services Bureau (MSB):
MSB ng Sheriff: 213-830-0681

TANDAAN: Kung ikaw ay nagpapadala ng impormasyon lamang ukol sa mental health (pangkaisipang kalusugan), mangyaring mag-fax sa fax para sa mga Lalaki o mga Babae ((Jail Mental Health Service) na nasa itaas. Kung ipinapadala mo ang impormasyon ukol sa mental health at medikal na impormasyon, dapat mong i-fax ang impormasyon sa numero ng Jail Mental Health Service number at sa numero ng Medical Services Bureau ng Sheriff. Magtago ng kopya ng fax na ito bilang reperensiya.

Ang pondo sa pagsasalin ay ipinamahagi ng Mental Health Advocacy Services, Inc. ng Foundation of the State Bar of California.